7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 1 (para sa Unang Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Tagasuri:**

- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ IKATLONG KUWARTER (para sa Unang Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong Pampanitikan (Tuluyan) sa Panahon ng Katutubo at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang- alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan.**<br>1. *Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol.*<br>2. *Natutukoy ang tema at paksa na ginamit sa panitikan.*<br>3. *Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop.*<br>**Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa**<br>a. *Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda.*<br>b. *Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda*<br>**Nasusuri ang mga tekstong biswal batay sa mga elemento**<br>a. Nasusuri ang elementong biswal sa kahulugan ng teksto |
| **D. Nilalaman** | • Kaligirang Pangkasaysayan ng Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanyol.<br>- Mga Positibo at Negatibong Epekto ng Pananakop ng Espanya<br>• Mga Akda sa Panahon ng Pananakop ng Espanya:<br>- Mga akdang panrelihiyon (pasyon, dasal, at iba pa) |
| **E. Integrasyon** | • Edukasyong pangkapayapaan<br>• Kultura at tradisyon ng mga Pilipino (Mga Positibo at Negatibong Epekto ng Pananakop ng Espanya) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 8* (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf

*Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8*.

Santiago, L. (2007). *Mga Panitikan ng Pilipinas*. C & E Publishing Inc. Quezon City.

Salazar, Z. A. (2004). *Kasaysayan ng Kapilipinuhan*. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng- kapilipinuhan.pdf

Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral**<br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain.<br>***(Pumunta sa pahina 1 ng Sagutang Papel)*** | Unang Araw<br><br>Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa kaligirang pangkasaysayan ng panitikan sa panahon ng Espanyol. |
| | **a. IKOT-SAGOT**<br>Gamit ang *wheel of names,* paikutin ito upang matukoy kung sino ang sasagot sa mga katanungang inihanda.<br><br>Mga Katanungan:<br>1. Ano-ano ang mga akdang panitikan ang lumaganap sa panahon ng katutubo?<br>2. Ano ang mga pangunahing layunin ng katutubong panitikan?<br>3. Paano ginamit ng mga sinaunang Pilipino ang mga akdang pampanitikan?<br>4. Paano mo mailalarawan ang mga akdang pampanitikan sa sinaunang panahon bago nasakop ang bansa ng mga dayuhan?<br>5. Paano naging mabisang kasangkapan ng ugnayang panlipunan ang panitikan sa panahong hindi pa nasasakop ang ating bansa? | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br>Gawin ang sumusunod na paraan sa interaktibong talakayan:<br><br>**a. TANONG MO, SAGOT MO!**<br>Gamit ang ***KWHL Sheet,*** bigyan mo ng hinuna ang tanong na nasa loob ng kahon. Sagutin ang tatlong nauunang kahon ang KWH at sagutan ang huling kahon na L pagkatapos pag-aaralan ang paksa.<br><br>***(Pumunta sa pahina 3 ng Sagutang Papel)*** | Mga gawaing panghikayat. Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag-aaral. Gamiting modelo ang gawaing inihanda. |

**b. TITIK-SURI**

Ang mga tula na nasa kahon ay iilan lang sa mga akda na isinulat ng mga bayaning Pilipino na nagpahayag ng damdamin sa panahon ng pananakop ng Espanyol. Tukuyin ang damdamin ng bawat tula at ilawan ang kalagayan ng bansa sa panahon kung kailan nila isinulat ang akda.

***(Pumunta sa pahina 4 ng Sagutang Papel)***

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto ng Aralin**

Sa kasalukuyang panahon, lahat ay naging madali. Paglalahad ng damdamin mensahe o maging sa pagpapadala ng mensahe sa isang tao. Naging uso ang *pick-up lines* kung saan ginagamit ng kabataan para ipahayag ang nilalaman ng kanilang puso't isipan. Naglabasan din ang maraming paraan ng pagsulat at pagpapahayag ng panitikan.

Ngunit paano kaya natin malalaman ang mga pangyayari noon. May gusto ka bang malaman? Kung gayon, maaari kang magpadala ng *e-mail* gamit ang gabay na pormat.

| | |
|---|---|
| **To...** | |
| **Cc...** | |
| **Subject...** | |
| | |
| | **SEND** |

Ang gawaing ito ay ilan lang sa mga umusbong na paraan sa pakikipagkomunikasyon ng bawat isa. Ngunit sa pagbabalik-tanaw sa mga nakaraan lalong-lalo na sa mga akdang pampanitikan na lumaganap noon ay kailangang basahin at pag-aralan. Kung kaya, sa susunod na mga gawain at talakayan ay tutulong sa atin upang mas maunawaan at mapahalagahan ang pinag-ugatan ng ating mga panitikan na pinagbatayan sa kasalukuyan.

Ikalawang Araw

Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang paksa na may kinalaman sa Panahon ng Espanyol.

Paghahawan ng balakid. Ang gawaing ito ay puwedeng gawing pangkatan o isahan para ang lahat ng mag-

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**UGNAY-SALITA:**<br>Magbigay ng mga paliwanag sa mga salita na nasa kahon.<br>***(Pumunta sa pahina 6 ng Sagutang Papel)*** | aaral ay may partisipasyon sa loob ng klase. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Kaligirang Pangkasaysayan ng Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanyol**<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Patnubay na Tanong:**<br>Basahin ang mga gabay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa.<br>a. Ano-ano ang tema at paksa ng panitikan sa panahon ng Espanyol?<br>b. Paano nabago ang paksa ng panitikan sa panahong ito?<br>c. Anong damdamin ang naghahari sa mga akdang pampanitikan sa panahong ito?<br>d. Masasalamin ba sa panitikang lumaganap sa panahong ito ang kalagayan at kultura ng bansa? Patunayan.<br>e. Paano naging kasangkapan ang panitikan ng diwang makabayan sa panahon ng Espanyol?<br><br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Gawin ang mga nakahandang gawain pagkatapos basahin ang akda.<br><br>**PINATNUBAYANG PAGBASA:**<br><br>**KALIGIRANG PANGKASAYSAYAN**<br><br>Ang panahon ng Espanyol ay isang yugto sa kasaysayan ng Pilipinas na nagbigay-daan sa malalim at makulay na bahagi ng panitikan. Ang ugnayang Espanyol at Pilipino ay nagsimula noong ika-16 dantaon, nang ang Portuges na si Fernando Magallanes ay dumating sa ating kapuluan noong 1521. Marami pang ekspedisyong ipinadala sa ating lupain ang Espanya hanggang sa pangalan Las Islas Felipinas ang ating mga lupain bilang parangal kay Haring Felipe ng Espanya ni Ruy Lopez de Villalobos noong 1543. Mas naging matagumpay ang pananakop ng mga Kastila nang dumating si Miguel López de Legazpi, na itinuturing na unang Gobernador-Heneral ng Pilipinas, noong 1565. | Ikatlong Araw<br><br>Tiyaking bago ipabasa ang akda, muling magamit ang mga susing salita sa pag-uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa.<br><br>Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. |

Sa pagpasok ng mga Espanyol, nagkaroon ng malaking impluwensya ang kanilang kultura sa Pilipinas, at ito ay naging lalong masigla sa larangan ng panitikan. Ang relihiyong Katoliko, sistema ng edukasyon, at iba't ibang aspekto ng kanilang kultura ay nagbigay-daan sa pag-usbong ng literatura sa bansa.

Ang mahigit na tatlong daang taong pananakop at paniniil ng mga Espanyol sa ating bansa ang sanhi ng unti-unting pagkakabuo at paglaganap ng damdaming makabayan sa mga Pilipino. Nagkaroon ng mga bagong kilusan sa politika at panitikan sa Pilipinas. Ang dating diwang makarelihiyon ay napalitan ng damdaming mapanghimagsik. Ang naging paksa ng panitikan sa panahong ito ay pawang pagtuligsa sa pamahalaan at simbahan, at pag-udyok sa mga Pilipino na magising at magkaisa upang matamo ang minimithing kalayaan.

Isa sa mga pangunahing ambag ng Espanyol sa panitikan ay ang paggamit ng *Abecedario* ng mga sinaunang Pilipino. Ipinakilala ng mga misyonaryo ang alpabetong Latin, at sa pag-unlad ng oras, nagsulat ang mga Pilipino gamit ito. Isa sa mga unang akdang nailathala ay ang "Doctrina Christiana," isang aklat na nagtuturo ng mga pangunahing doktrina ng Kristiyanismo. Inukit ito sa kahoy at ipinamahagi sa iba't ibang komunidad.

Ang dulang "Moros y Cristianos" ni Juan de la Concepcion, isang paring Espanyol, ay nagbigay-tuwa sa mga tao sa harap ng mga sumasayawang prinsesa at mga kabalyero. Isa itong halimbawa ng dulang pinasikat ng mga misyonaryo upang ituro ang Kristiyanismo sa mas mabilis na paraan.

Bukod sa mga relihiyosong akda, naging sikat din ang mga awit, tulad ng "Kundiman" at "Harana." Sa mga ito, naihayag ang damdamin ng mga Pilipino sa pamamagitan ng musika at tula. Ang mga kundiman ay karaniwang naglalaman ng mga paksang kaugnay sa pag-ibig, kalungkutan, at pag-asa.

Sa paglipas ng panahon, lumitaw ang mga obra ni Francisco Balagtas, ang tanyag na makata ng epikong "Florante at Laura." Ang kaniyang likha ay naglalarawan ng kaniyang pagmamahal sa bayan at paghahangad ng katarungan. Bukod kay Balagtas, marami pang ibang makatang Pilipino ang naging kilala sa kanilang mga likha.

Ngunit, hindi rin maikakaila ang pagkakaroon ng mga kontrobersiyal na aspekto ng pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas. Ang "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo" ni Jose Rizal ay naglalarawan ng mapanupil na sistema ng kolonyalismo at paghihirap ng mga Pilipino sa ilalim ng pamahalaang Espanyol. Ang mga akdang ito ay nagbigay-inspirasyon sa mga Pilipino na makipaglaban para sa kanilang kalayaan.

Sa kabuoan, ang panahon ng Espanyol ay naging isang yugto ng makulay at makasaysayang pag-unlad sa larangan ng panitikan sa Pilipinas. Ang mga akdang likha ng mga misyonaryo, makata, at makatao ay nagbigay-halaga sa kultura at identidad ng mga Pilipino, at hanggang sa kasalukuyan, ito ay naglilingkod bilang pundasyon ng masusing pagsusuri at pag-unlad ng panitikan sa bansa.

**Gawain: Kaalaman Mo, Isulat Mo!**

Punan ang hinihinging impormasyon gamit ang grapikong presentasyon.
***(Pumunta sa pahina 8 ng Sagutang Papel)***

Panitikan (Pinanatili ang orihinal na baybay sa Abecedario)
**Sipi mula sa Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin**
*Padre Gaspar Aquino de Belen*

1

Dito, quita minamahal,
nang sariling palalayao,
icao ang ibig cong tunay,
di co pinagsasauaan
nang sinta cong ualan tahan.

Dito, quita pinipita
nang boong palalasinta,
yaring monti cong anyaya
tanggap din magdalita ca't,
paeundanganan ang Ina.

Dito, quita quinocosa
nang anyaya cong daquila,
tapat na pagcacalinga,
cun icao bonso'y mauala
sa aba co, ayang aba.

Di na aco magbalata
at icao na ang bahala
ay Inang caauaaua'y,
sa lalaot manding guitna
binabagyong ualan tila.

Dito quita nililiyag
nang sinta cong ualan licat,
aco mandi nababagabag
dilan casam-an nang palad,
longmagmac sa aquing lahat.

2

Dito, quita quinacasi
nang budhing di masasabi,
di co maobos an dili,
niring lumbay cong malaqui
pagsira nang iyong puri.

Dito, quita binabati
nang yoco't, malaquing bunyi
yaring hapis co'y, maioli
ang Anac quita man ngani
Dios cari't, Poong Hari.

Dito, quita iniibig
nang sinta kong ualan patid,
yaring aquing pananangis
icao ang linao nang langit
baguin ngayo'y, pauang dongis.

Dito, quita guinigiliu
nang di daya cundi galing,
na aco'y, iyong alipin
cun tauagin mong Inahin,
camatayan co mang dinguin.

Dito aco napaa aco,
Napatatauag Ina mo,
Bongso aco'y, paaano?
saan aco magtototo,
un maolila sa iyo?

3

Dito, quita sinosoyo
pinacaaamoamo,
icao ma'y, di nalililo,
tonghi ang luha cong lalo
dogong nagmola sa poso.

Dito, quita iniirog
nang paninintat, pagsosnod,
magpasobali cang loob
mabalino ca't, pasahot,
sa sosong iyong inot-ot.

o lagda nang manga Santos
Anac co't, Anac ng Dios,
icao bagay aling boctot
aling salaring poyapos
ipapaco ca sa Cruz?

Dito, quita iguinagalang
ang malaquing pagdarangal,
di co na bongso dagdagan
sucat na ang iyong ngalan
turan co't, ipanambitan.

Yaring aquing munting habag,
sa bolinya na narapat
ay di nga bongso salamat,
cun tinanggap mong lahat
na loob mo'y, sinosucat.

*Ang gawaing ito ay maaaring gawing malayang talakayan o di kaya'y pangkatang gawain.*

**Paglalapat at Pag-uugnay**

**TANONG-SAGOT**

1. Ang akda ay nagpapakita ng matinding pagmamahal ni Maria para sa kaniyang anak. Aling saknong ang nagpapakita ng lubos na damdamin ni Maria?
2. Ano ang epekto ng pag-uulit ng salitang "dito" sa simula ng karamihan sa mga saknong?
3. Anong damdamin ang namayani sa akda at bakit ito ang damdaming namayani sa akda noon?
4. Anong kaugalian ng mga Pilipino ang ipinapakita sa akda?

Ikaapat na Araw
*Gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa gawaing ito. Magbibigay rin ang guro ng mga rubriks.*

Talakayin ang larawan gamit ang mga nakahandang tanong tungo sa pagtalakay ng *biswal na teksto.*

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Ano ang pangkalahatang mensaheng nais ipabatid ng akda?<br><br>**Pangkatang Presentasyon:**<br><br>**SURI-AWIT:** Bumuo ng limang (5) pangkat. Bawat pangkat ay maghahanap ng kopya ng Pasyon na inaawit tuwing Mahal na Araw. Pagkatapos ng presentasyon ay ipapaliwanag ng bawat pangkat ang sumusunod na tanong:<br><br>1. Ano ang nagbago sa tradisyon ng Pasyon noong panahon ng Espanyol sa kasalukuyan?<br>2. Anong pagbabago sa teksto o paraan ng pag-awit?<br>3. Sa kasalukuyan ba ay mahalaga pa rin sa mga Pinoy ang ganitong gawain? Patunayan.<br><br>**LARAWANG-DIWA**: Suriin ang larawan. Iugnay ito sa mga pangyayari at damdaming namayani sa akdang binasa. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.<br>***(Pumunta sa pahina 10 ng Sagutang Papel)*** | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Pabaong Pagkatuto**<br><br>Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.<br><br>**BINTANA ng PAG-UNAWA:**<br>**Alam Ba Ninyo?**<br>Sa karamihan ng mga akda noong panahon ng pananakop ng Espanyol ay may tunggalian sa pagitan ng Kasamaan at Kabutihan. Nagkalat ang ideya na ang panahon bago dumating ang mga mananakop ay siyang panahon ng Kasamaan, at panahon ng Kabutihan naman ang kanilang pagdating. Pagsapit ng ika-17 siglo, ang mga akda mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas ay isinulat gamit ang Abecedario o ang alpabeto ng mga Kastila. Tuluyan nang napalitan ang Baybayin ng alpabetong Kastila na binubuo ng 32 letra.<br><br>Maraming naglabasan ng iba't ibang akda sa panahong ito sapagkat sa pamamagitan ng panitikan napalaganap ng mga mananakop ang bokabularyong panrelihiyon. Isa na rito ang Pasyon. Ito ay isang aklat na nauukol sa buhay at pagpapakasakit ni Kristo. Binabasa ito tuwing Mahal na Araw. Ito rin ay isang naratibong tula tungkol sa buhay ni Kristo, mula | Ang mga nakikitang dagdag na konsepto ay mga batayang kaalaman na may kaugnay na kasanayan mula sa Gabay Pangkurikulum. Malaya ang gurong gumawa ng paraan kung pano ito ilahad o talakayin sa mga mag-aaral habang binabasa at inuunawa ang lunsarang aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | kapanganakan, hanggang kamatayan, hanggang sa muli nitong pagkabuhay. Bawat saknong ng Pasyon ay may limang linya. Bawat linya ay may walaong pantig. Inaawit ang Pasyon tuwing Mahal na Araw.<br><br>Nagkaroon ng apat na bersyon sa Tagalog ang akdang ito, at ang bawat bersyon ay ayon na rin sa pangalan ng mga nagsisulat. Ang mga ito ay ang Padre Mariano Pilapil (1814) Gaspar Aquino de Belen (1704); Aniceto dela Merced (1856); at Don Luis de Guian (1750).<br><br>Ang unang pasyong isinulat sa Tagalog ay pinamagatang *Ang Mahal na Pasion ni Jesu Christong Panginoon Natin* na tula. Isinulat ito ni Gaspar Aquino de Belen.<br><br>**Dagdag Kaalaman...**<br>**Tekstong Biswal**<br>Ang biswal na teksto ay isang uri ng komunikasyon na gumagamit ng mga elemento ng disenyo upang maghatid ng mensahe sa mga tao. Ito ay maaaring kinabibilangan ng mga paskil, tipograpiya, guhit, disenyong grapiko, ilustrasyon, disenyong industriyal, pagpapatalastas, animasyon, at mga mapagkukunang elektroniko. Ang paglalarawan sa teksto ay mahalaga dahil nakatutulong ito upang mas malawak na maintindihan ng mambabasa ang mga imahe na nais ipaisip o iparating ng manunulat. Nakakatulong ito upang mas malawak na maipagana ang imahinasyon ng mambabasa.<br><br>Sa pagbuo ng mga elementong biswal, kailangang tiyakin na lahat ng biswal ay tuwirang naglilinaw at nagpapaunlad sa diskusyon sa teksto. Kailangang itahi ang paliwanag sa mga ito sa diskusyon, hindi basta lamang inilalagay ang mga ito. Ang mga pamagat ng mga elementong biswal ay nararapat na akma sa tinatalakay sa diskusyon. | Kabilang sa mga elemento ng *Tekstong Biswal* ay ang kulay, hugis, anyo, at kapal o nipis, dami at pattern ng guhit sa larawan. Ang mga ito ay nagdadagdag ng kahulugan at mensahe sa tekstong biswal.<br><br>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. |

Sa aklat na Doctrina Christiana na nalathala noong 1593, bukod sa tektong Baybayin at Latin ay may larawang biswal ng santo upang mabigyang-diin ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo na nakapaloob sa mga dasal. Ano ang napapansin mo sa larawan sa ibaba? Kaya mo bang basahin ang nakasaad na Baybayin?







*ang larawan ay mula sa [https://pinoypanitik.weebly.com/panahon-ng-kastila.html](https://pinoypanitik.weebly.com/panahon-ng-kastila.html)*

**Pagninilay sa Pagkatuto**

**BUO-PAHAYAG**:

Dugtungan ang mga pahayag na nagpapakita sa iyong natutuhan sa paksang tinalakay.

- ✓ Ang pasyon ay ...
  ______________________________________________
- ✓ Ito ay nagpapakita ng ...
  ______________________________________________
- ✓ Makikita sa panahon ng pananakop ng Espanyol na...
  ___________________ ____________________________
- ✓ Mahalaga ang relihiyon sapagkat ...
  ______________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**SURI-PILI:** Suriin ang tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Sa panahon ng mga Espanyol, kadalasang paksa ng mga akda ay tungkol sa santo at santa at laging nagsisimula sa panalangin. Ito ay patunay lamang na _______________.<br>A. ibinabahagi ng mga Espanyol ang kanilang pananampalataya<br>B. likas na madasalin ang mga Pilipino noon<br>C. iniangkop sa panitikan ang relihiyon<br>D. sadyang relihiyo ang mga Pilipino<br>2. Anong paksa ang lumutang sa panitikan sa panahon ng Espanyol?<br>A. paghihimagsik at pag-ibig<br>B. pag-ibig at pananampalataya<br>C. pananampalataya at paghihimagsik<br>D. wala sa nabanggit<br>3. Anong paraan ang ginamit ng mga Kastila upang madaling sakupin ang Pilipinas?<br>A. edukasyon at kaalaman<br>B. karangyaan at katalinuhan<br>C. pagmamalasakit sa mga Pilipino<br>D. pagpapalaganap ng Kristiyanismo<br>4. Ang akdang *Ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin* ay nagpapakita ng lubos na _______________.<br>A. Kapighatian<br>B. Pagmamahal<br>C. Pagmamalaki<br>D. Pasasalamat<br>5. Ang akdang Pasyon ay nasa anyong __________ ng panitikan.<br>A. dula<br>B. tula<br>C. awit<br>D. korido<br>6. Kailan naisulat ni Gaspar Aquino de Belen ang akdang Pasyon?<br>A. 1704<br>B. 1814<br>C. 1856<br>D. 1750<br>7. Ang Pasyon ay may sukat na __________ at binubuo ng __________ na pantig.<br>A. 5 at 8<br>B. 6 at 8 | Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng *quiz notebook* upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag-unlad. Ang *quiz notebook* ay maaari ding magsilbing *homework notebook.*<br><br>*Susi ng Pagwawasto:*<br>1. A<br>2. C<br>3. D<br>4. B<br>5. B<br>6. A<br>7. C<br>8. A<br>9. D<br>10. D |

| | | |
|---|---|---|
| | C. 8 at 5<br>D. 5 at 5<br>8. Bakit sinasabing karamihan ng mga akda noong panahon ng pananakop ng Espanyol ay may tunggalian sa pagitan ng Kasamaan at Kabutihan?<br>A. Ayon sa mga Espanyol bago sila dumating ay puro kasamaan ang bansa at sa kanilang panahon ay ang panahon ng kabutihan.<br>B. Walang diyos ang mga Pilipino bago dumating ang mga Espanyol.<br>C. Mangmang ang mga Pilipino noon.<br>D. Lahat ng nabanggit.<br>9. Ano ang malaking ambag ng mga Espanyol sa bansang Pilipinas?<br>A. panitikan<br>B. relihiyon<br>C. edukasyon<br>D. alpabetong Alibata o Baybayin<br>10. Ang Pasyon ay isang naratibong tula tungkol sa buhay ni _______________.<br>A. Maria<br>B. Kristo<br>C. Rizal<br>D. Maria at Kristo | |
| | **2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Ibahagi ang naramdaman pagkatapos malaman ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol.<br>***(Pumunta sa pahina 11 ng Sagutang Papel)*** | |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br><br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>